

Naka-embargo hanggang sa ika-1 ng Disyembre 2024

Bagong Medicare Urgent Care Clinic na magbubukas sa Goodna

Ika-2 ng Disyembre 2024

Pinili ng Darling Downs at West Moreton PHN ang Goodna Family Medical Centre para maghatid ng bagong Medicare Urgent Care Clinic (UCC) sa lugar ng Redbank. Ang Goodna Family Medical Centre ay nasa Goodna Marketplace, 2 Smiths Road, Goodna.

Ang Goodna Medicare UCC ang pangatlong Urgent Care Clinic na magbubukas sa rehiyon, kasama ng iba pang mga klinika sa Riverlink sa North Ipswich at sa Toowoomba, at magbibigay ng libre at agarang paggagamot para sa mga kalagayang walang banta sa buhay.

Tumatanggap ang mga Medicare UCC ng walk-ins o maaaring isanguni ang mga pasyente ng isang GP, emergency department ng ospital, 13 HEALTH o ng Queensland Ambulance Service.

Gagamutin sa Goodna Medicare UCC ang mga agarang pinsala at sakit gaya ng di-malubhang mga impeksyon, pagkabali ng buto at pinsalang sanhi ng paglalaro ng sports, impeksyon sa urinary tract at impeksyong naipapasa nang sekswal, minor na pagkasugat at pagkasunog, gasgas, kagat ng insekto, pantal, mga kondisyong respiratoryo (kaugnay sa paghinga at бага) tulad ng lagnat at ubo, at mga kondisyon sa tiyan, kaya ng pagtatae at pagsusuka.

Sinabi ni Lucille Chalmers, CEO ng Darling Downs at West Moreton PHN, na ang mga Medicare UCC ay tungkol sa pagpapabuti ng pag-access sa kagyat na mga serbisyong medikal sa ating komunidad at pag-iwas sa di-kinakailangang pagpunta sa ospital.

“Sa pagpili ng Goodna Family Medical Centre bilang tagapagbigay ng serbisyo para sa Medicare UCC, pinag-isipan namin ang mga bagay tulad ng kung gaano kadali ang pagpunta sa lokasyon, pagkakaroon ng mga serbisyo ng GP at pagiging malapit sa ospital.” ayon kay Ms Chalmers.

“Ang Goodna Medicare UCC ay nasa mainam na lokasyon para sa mga pasyenteng nanggagaling sa Redbank, Collingwood Park, Bellbird Park, at Gales at may madaling access sa pampublikong sasakyan, kabilang ang mga tren at bus.

Ang Centre ay matagal nang naitatag na may malinaw na pag-unawa sa pagbibigay ng serbisyo para sa mga pangangailangang pangkalusugan sa ating lugar, lalo na sa mga populasyong kailangang unahin kabilang ang mga tao na galing sa iba’t ibang pinagmulan at mga tao na nilisan ang kanilang bansang pinagmulan.”

“Pupunan din Medicare Urgent Care Clinic sa Goodna ang Ipswich Medicare UCC at Ripley Satellite Hospital sa paghahatid ng mga serbisyong mas malapit sa tinitirhan ng mga tao at nag-aalis ng pagbigat sa mga serbisyo ng ating Emergency Department at mga GP.”

Si Dr Sudeer Mahadeo, Pangunahing GP sa Goodna Family Practice, ay nagsabing siya at ang kanyang pangkat ay labis na nasasabik tungkol sa pagbubukas ng bagong Medicare Clinic para sa lokal na komunidad.

“Kung walang pag-access sa isang Medicare UCC, ang mga tao sa ating lugar ay kailangan pang magbiyahe pakanluran papuntang Ipswich o Ripley o maging sa Princess Alexandra Hospital sa Brisbane para sa mga kalagayang agaran pero hindi nagbabanta sa buhay,” sabi ni Dr Mahadeo.

“Ang pag-access sa agarang pangangalaga na mas malapit sa tinitirhan ay gagawa ng malaking pagbabago sa pangkalahatang kalusugan ng ating komunidad.”

“Balak naming ipagpatuloy ang kasalukuyan naming paraan ng pagbibigay ng ligtas na pangkulturang pangangalaga hanggang sa Medicare UCC at aabangan namin ang pagbuo at pagpapanatili ng matatag na pakikipag-ugnayan sa pangkat at sa Ipswich Hospital Emergency Department pati na rin sa aming mga kapwa klinika ng GP sa buong lugar.

Ang Goodna Medicare UCC ay magsisimulang magbigay ng serbisyo sa ika-2 ng Disyembre 2024. Nakaharap ang entrance sa Smiths Road, sa kanan ng Subway. May makukuhang higit pang impormasyon sa FindtheRightCare.com.au/UrgentCare o sa health.gov.au/MedicareUCC.

Ang programang Medicare UCC ay sinusuportahan ng pondo mula sa Darling Downs at West Moreton Primary Health Network sa pamamagitan ng Programang PHN ng Pamahalaan ng Australya.

Tungkol sa Darling Downs at West Moreton PHN

Kami ay isang organisasyong not-for-profit na nakikipagsosyo sa mga organisasyong pangkomunidad, mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, at mga pamahalaan ng estado at pederal upang mapabuti ang mga pangunahing serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa ating mga komunidad.

Nakikipagtulungan kami sa loob ng rehiyon ng Darling Downs at West Moreton upang mas mabuting maunawaan, masuportahan at mapabuti ang kalusugan ng mga tao na naninirahan sa ating rehiyon.

Pinagsasama-sama namin ang mga GP, kawani ng general practice, mga kaalyadong propesyonal ng kalusugan (allied health professionals), Aboriginal Medical Services, mga tagapagbigay ng serbisyo sa komunidad, mga Elder at miyembro ng komunidad upang tukuyin ang mga serbisyong pinakakailangan at, pagkatapos, nagpopondo kami ng mga programa at serbisyo batay sa mga pangangailangang ito.

Sinusuportahan din namin ang mga tagapagbigay ng pangunahing pangangalagang pangkalusugan, tulad ng mga GP, manager ng mga klinika, mga nurse sa klinika at mga kaalyadong propesyonal ng kalusugan, upang mapabuti ang pangangalagang kanilang ibinibigay sa kanilang mga pasyente.

Para sa mga tanong sa media, mangyaring makipag-ugnayan kay:

Louise Litchfield

Director - Stakeholder Engagement and Communications

P 07 4615 0960

E louise.litchfield@ddwmpnh.com.au